**Suporta at Serbisyo Para sa may sapat na gulang**

Ang Victim Assistance Coordinator ay nagbibigay tulong at paglilingkod para sa mga may sapat na gulang na biktima ng pang-aabusong seksuwal noong kanilang kabataan , ito ay pinangunahan ng mga kleriko, relihiyoso at mga taong simbahan sa Diyoses ng Honolulu. Ang Victim Assistance Coordinator magbibigay ng:

- mabilisan at lihim na pakipagpulong sa biktima ng pang-abuso upang matantiya ang pansariling pangangailangan at makapili ng tamang paraan sa pagpapagamot.
- tulong upang matamo ang serbisyo mula sa mga propesiyonal sa kalusugang pangkaisipan na may kasanayan sa larangan ng pang-aabusong seksuwal mula sa kwalipikadong tagapaglingkod.
- tulong sa pagpapaabot sa inyong ulat sa Diyoses ng Honolulu, at maisaayos ang pagbisita o pakipagpulong sa mga opisyal ng diyoses upang mabigyan ng agarang aksyon ang iyong ulat.
- Ang pakipag-ugnayan sa ibang tulong paglilingkod,mga mapagkunan ng serbisyo na direktang makatulong na mapahusay ang kakayahan na mapanatili ang emosyonal na kagalingan, at manatiling makigpag-ugnayan samantalang patuloy ang pagpapayo at proseso sa pagpapagaling.

Victim Assistance Coordinator
Philippe Guedj, LCSW
philippe.guedj@catholiccharitieshawaii.org
(808) 527-4604
1822 Keeaumoku Street
Honolulu, HI 96822

**Revised October 2025**

## Panalangin para sa Pagpapagaling ng Biktima ng Pang-aabuso

Diyos ng walang hanggang pag-ibig,
Mapagkalinga, makapangyarihan, palaging nanatili, makatuwiran:
Ibinigay mo ang yong bugtong na anak para sa aming kaligtasan sa pamamagitan ng Dugo sa kanyang Krus.

Banayad na Hesus, pastol ng kapayapaan,
Ipagka-isa mo sa iyong paghihirap
ang mga hinagpis ng mga nagdurusa sa
katawan, pag-iisip, at espiritu
dulot ng mga taong nagtaksil
sa kanilang tiwala.

Dinggin mo ang hinaing ng aming paghihirap
sa mga kasamaang naranasan
ng aming mga kapatid.
Buhayin mo sa iyong kaalaman
ang aming mga dalangin,
hubugin mo sa iyong pag-asa
ang mga pusong nabagabag
tibayin mo sa pananalig sa iyo
ang mga nababalisang espiritu:
Ituro mo sa amin ang daan tungo sa hustisya
at pagkabuong muli, sa pamamagitan ng
liwanag sa iyong katotohanan
at sa saplot ng iyong awa.

Espiritung Banal, ligaya sa aming puso,
hilumin mo ang sugat ng iyong mga tao, at
pagbabago mula sa paghandusay.
Bigyan mo ng lakas at karunungan,
pagpakumbaba at kaluwagang puso,
upang ang aming hakbang naayon sa hustisya
at makamtan ang kapayapaan sa iyo.

Sa pamagitan ni Kristo, aming Panginoon.
Amen.

**Diyoses ng Honolulu**

# Upang Magbigyan diin ang Paghihilum, Upang Maibalik ang Tiwala

Ang Diyoses ng Honolulu, na sumasaklaw sa Simbahang Katoliko Romano sa Estado sa Hawaii, nais kumilala sa mga hinagpis, galit at pagkalito dulot ng pag-abusong seksuwal sa mga kabataan ng mga kleriko, religiyoso o mga taong simbahan.

Ang Diyoses ng Honolulu ay manatiling manindigan sa pagtaguyod sa kaligtasan, pagpapagaling, pagkakasundo at pagpapanatili sa ligtas na kapaligiran para sa ating mga kabataan.

**Mensahe sa mahal na Obispo Larry Silva, Obispo sa Honolulu**

Mahal kong mga kapatid ni Kristo,

Noong 2002, ang United States Conference of Catholic Bishops naglinang ng Charter para sa Pagprotekta sa mga bata at kabataan. Ang dokumentong ito ay gabay sa aming pagsisikap sa pagtaguyod ng paghihilum at pakipagsundo sa mga biktima/ nakaranas ng abusong seksuwal sa mga kleriko, relihiyoso o ng taong simbahan. Ito'y nagbabalangkas sa epektibong pagtugon sa mga alegasyon hinggil sa seksuwal na pag-aabuso, naglalahad sa mas epektibing pagsusuri sa mga gustong magtrabaho sa Simbahan, at nagbibigay ng edukasyon para sa mga kleriko at sinumang mayroon ugnayan sa mga may kabataan o kaya 'yong may mga katungkulan sa Simbahan na nagpahiwatig ng tiwala.

Kami ay naninindigan na magsusumikap upang maiwasan ang pang-aabusong seksuwal sa mga kabataan. Kami'y nanalangin para sa kapatawaran sa mga taong umabuso sa mga kabataan ng pari, relihiyoso o taong simbahan, at kami'y nanalangin na naway salingin sila sa kakayahan ni Kristo na makapagpagaling. Nagpapasalamat kami sa Diyos para sa aming mga kabataan at nangangako sa sarili na aalagaan naming sila bilang handog ng pagmamahal ng Diyos.

Lubos na sumasainyo kay Kristo,

Most Reverend Larry Silva

**Ano ang pang-aabusong seksuwal sa mga kabataan?**

Ang pang-aabusong seksuwal sa kabataan ay may kasamang paninira (o banta ng paninira) sa isang bata na may edad 17 o pababa, na nagbubunga ng:

- **Pakikisamang seksuwal o pagsasawa** na may kasamang seksuwal na gawain, incest (pakikipagtalik sa pagitan ng kapamilya),paghipo sa kabataan sa kanyang suso,ari, o puwitan, o sa damit sa nakabalot sa kanya, paghintulot sa bata na hipuin ang ibang tao,pamboboso; tulad ng panonod sa isang batang naliligo o nagpapalit ng damit o pagpapakita ng ari sa bata;
- **Pagsamantalang seksuwal** na may kasamang gawain tulad ng paghahanda, pagbebenta, pagmumudmod o pagkakaroon ng pornograpiyang kagamitan na sangkot ang kabataan, prostitusyon sa mga kabataan,at mga situwasiyon kung saan ang kabataan ay nagamit bilang aliwan ng iba.

<u>**Para sa pagbigay-alam**</u>

Kung may hinala ka na ang isang bata ay biktima ng pang-aabusong seksuwal, makipag-ugnayan sa Department of Human Services (DHS)/Child Welfare Services (CWS)

**Naglilingkod 24 hrs. a day/7 days a week**

**Oahu:**
**808-832-5300**
**Karatig Isla:**
**1-800-494-3991**

**Kung naniniwala kayo na ang isang bata ay nasa panganib, tumawag sa 911**

**Sino ang magbibigay ulat sa pang-aabusong seksuwal ng kabataan?**

- Magulang o tagapangalaga na may dahilan at paniwala na ang kanilang anak ay nakaranas ng pang-aabusong seksuwal ay hinimok na magbigay alam.
- Isang taong na nakaranas ng pang-aabusong seksuwal ay kailangan magbigay alam.
- Isang inatasang tagapag-ulat na may paniwala na ang pangaabuso sa kabataan at pagpapabaya ay nakikinitang mangyayari sa hinaharap, kaagad magbigay alam tungkol sa pangyayari sa Child Welfare Services o sa Police Department

Ang inatasang tagapag-ulat ay kasama ang lisensiyadong tagapagpagaling o propesyonal na may kaugnayan sa kalusugan; manggagawa o opisyal ng kahit anumang pampubliko o pribadong paaralan, o iba pang taong nagbibigay tulong panlipunan, pagamutan, o nagbibigay serbisyong kalusugang pangkaisipan, kasama ang tulong pinansiyal, empleyado o opisyal ng ahensiyang nagpapatupad ng batas; nagbibigay serbisyong pangangalaga sa kabataan; manggagamot;empleyado ng kahit anumang pampubliko o pribadong ahensya na nagbibiigay serbisyong panglibangan at mga gawaing pang-esports.